San Diego Unified School District
Fact Sheet

Programang Pagsasamahan sa Pag-aaral

Tungkuling Pahayag: "Ang pipiliing gaganapin sa pag-aaral ng isang bata ay ang pinakamataas na uri ng pagsisikap ng tao….. ang batang magtatagumpay, na bahagi ng inyong pagsisikap, ay lalaki bilang katibayan sa mga taong nagmalasakit."

Ang Programang Pagsasamahan sa San Diego Unified School District , na nagsimula noong 1982, ay bumuo ng mga kasunduang magtutulungan sa mga paaralan at mangangalakal; sining sa kultura, dalubhasa, samahang naglilingkod at walang tubo; paaralan ng mataas na pag-aaral; sangay ng pamahalaan; at hukbong makapangyarihan. Ang mga kasunduan ay pinag-iisa ang magkabilang-panig na pagkukunan upang matupad ang mga pangangailangan. Bawa't pagsasamahan ay kakaiba at kani-kaniyang nabanghay ng paaralan at kasamahan. Ang pagsasamahan ay batay sa mga taong pagkukunan, hindi sa ipinagkakaloob na pera. Ang mga patakaran sa Programang Pagsasamahan sa Pag-aaral ay nakabalangkas sa Pangasiwaang Patakarang 9610.

KABUUAN

- **Halos 1,400 mga kalakal at bayang samahan ay sumasali bilang kasamahan**
- **Ang mga 2006-07 kasamahang pangkalakal/bayan sa edukasiyon ay nagkaloob ng halos $5.6 milyon sa makatao, pananalapi at kahit anong pangangailangan at paglilingkod sa pamamagitan ng kanilang pagsasamahan (talaan ay kinakalap bawa't ikalawang taon)**
- **Ang mga kasamahan ay nakikinabang sa pagpapabuti ng kasiglahan ng kompanya at mga gawain ng mga kawani.**

Kabutihan sa mga Samahang Pangkalakal at Bayan

Ang programang ito ay nag-aalok sa mga samahang pangkalakal at bayan ng mga pagkakataong:

- gumawa ng mabuting gagampanang pagtuturo sa ating mga mag-aaral;
- makinabang ng magagawang karunungan sa publikong pag-aaral ngayon; at
- tiyakin ang higit na mabuting kabuhayan sa hinaharap para sa ating mga mag-aaral, bayan, at sa bansa.

Talaan ng mga mungkahing mga gawain sa pagsasamahan, nabuo buhat sa ibinigay ng paaralan/kasamahan at nakahanay sa nilalamang pamantayan ng California, ay nakalaan. Ang mga ito ay mga kagamitang paraang tulungan ang mga paaralan at mga kasamahan upang ituon ang kanilang pagsisikap sa karunungan sa pagbasa at pagsulat, matematika, pag-aaral sa palakasan, agham, araling panlipunan, at sining sa paningin at pagganap. Ang *Partnerships in Education 2006-07 Data Report*, pakete ng panghihikayat at *Toolkit* ay makukuha sa Community Relations Department.

Mga Gawaing Tulong sa Kasamahan

- bukod na pagtuturo sa mga mag-aaral ng kakayahan sa pagbasa, pagsulat, agham at matematika
- pagpapayo sa mga mag-aaral at pagtuon sa mga bagay ng sariling pagpapahalaga
- suportahan ang pagsisikap ng paaralan-sa-pangkabuhayan, kabilang ang paglakbay sa mga bahay-kalakal, *internship* ng mag-aaral, at pasinayang pangkabuhayan
- pagbibigay ng mga kusang loob na tutulong para sa portfoliong lupong pagtatanghal ng mga mag-aaral
- pagpapayo sa mga paaralan sa pagsisikap sa paninda, kagaya ng paglikha ng pahayagan at *brochure*
- paggamit ng lupong tagapayo sa pangangalakal/pagsasamahan upang pag-isahin ang yamang pagkukunan sa bayan sa mga silid-aralan
- magbigay ng mga pagkakataong maanino ang mga hanapbuhay para sa mga kawani at/o mga mag-aaral
- pagsapi sa mga gawaing pagpapaganda sa loob ng paaralan
- pagbigay ng pagtatanghal sa mga mag-aaral tungkol sa pamantayan ng mga bahaykalakal sa pagbasa, pagsulat, matematika, agham at kakayahan sa kompyuter
- pagbibigay ng mga pagkakataon kung saan ang mga mag-aaral ay maaaring maihayag sa magandang pagganap bilang huwaran, natututo sa mga iba't-ibang pagpipilian sa papasukang trabaho, at pag-unawa sa mga hinahanap sa paghirang sa trabaho, mga kagandahang-asal ng kawani at mga patakaran sa lugar ng trabaho

Tatawagan sa Kaalaman: Community Relations Department: (619) 725-5592
www.sandi.net/depts/comm_relations/pie.html
Revised 7/1/08